



GRADE IV
ANG KLIMA NG PILIPINAS



ALAMIN MO



- *Ano ang masasabi mo sa unang larawan? Sa ikalawang larawan?*
- *Ang mga nasa larawan ba ay naranasan mo na?*
- *Ano ang naramdaman mo?*

Sa pag-aaral ng modyul na ito, matututuhan mo ang mga sumusunod:

- Klima ng Pilipinas ayon sa lokasyon nito sa mundo
- Pagsusuri ng epekto ng iba pang salik (temperatura at dami ng ulan) na may kinalaman sa klima ng bansa.
- Paggamit ng mapang pangklima sa paglalarawan ng klima sa iba't ibang bahagi ng bansa





PAGBALIK-ARALAN MO

Sagutin ang mga sumusunod na pagsasanay sa kuwadernong sagutan.

A. Pag-isa-isahin. Ibigay ang wastong sagot sa impormasyong hinihingi ng bawat bilang.

1. Espesyal na mga guhit latitud

- a. _____ c. _____
b. _____ d. _____

2. Panahon sa gitnang latitud

- a. _____ c. _____
b. _____ d. _____

3. Klima sa rehiyong tropiko o mababang latitud

- a. _____
b. _____

B. Pagtapat-tapatin. Hanapin ang titik ng wastong sagot sa Hanay B na hinihingi ng impormasyon sa Hanay A.

Hanay A

Hanay B


- | | | |
|---------------------------|-------|-----------------------------------|
| a. mataas ng latitude | _____ | 1. 0° latitud |
| b. gitnang latitude | _____ | 2. klimang tropical |
| c. Tropiko ng Kanser | _____ | 3. klimang polar |
| d. mababang latitude | _____ | 4. klimang temperate |
| e. Tropiko ng Kaprikornyo | _____ | 5. $23\frac{1}{2}^\circ$ latitude |
| f. ekwador | | |





PAG-ARALAN MO

Narito ang isang bahagi ng globo, ipinakikita rito ang lokasyon ng Pilipinas. Suriin ito.





Hanapin mo ang $23 \frac{1}{2}^\circ$ sa hilaga. Ito ang Tropiko ng Kanser. Sa pagitan ng mga guhit na ito makikita ang Pilipinas. Ang mga bansang makikita sa pagitan ng 0° hanggang $23 \frac{1}{2}^\circ$ sa hilaga at 0° hanggang $23 \frac{1}{2}^\circ$ timog ay tinatawag na mga bansang tropical. Makikita ang Pilipinas sa mga pagitan nito kaya ang Pilipinas ay isa sa mga bansang tropikal.





May kaugnayan kaya ang lokasyong ito ng Pilipinas sa klimang nararanasan sa bansa?

Tingnan ang krokis na ito




Sa pagligid ng mundo sa araw, ang mga bansa sa pagitan ng Tropiko ng Kanser at Tropiko ng Kaprikornyo ay tumatanggap ng tuwirang sikat ng araw. Ang mga lugar dito ay may klimang tropikal.

Ang mga bansang tropikal ay nakararanas ng dalawang panahon. Ito ang panahon ng tag-araw at panahon ng tag-ulan. Sa Pilipinas, karaniwang nararanasan ang tag-araw mula Disyembre hanggang Abril. Tag-ulan naman mula Hunyo hanggang Nobyembre.

Ano ang bansang tropikal?

Gamitin ang mapa ng daigdig o globo. Itala mo ang mga bansang nakararanas ng klimang tropikal.

Suriin mo ang larawan sa ibaba.



Ano ang nakikita mo sa larawan?





May kinalaman din kaya ang ganitong kapaligiran sa klima nito?
Ang larawang ito ay kuha sa Baguio. Pansinin ang kasuotan ng mga ito.



Ano ang suot nila? Bakit kaya sila nakasuot ng makapal na damit?

Basahin ito

Kahit ang Pilipinas ay nakararanas ng tag-araw at tag-ulan, hindi pa rin masasabi na magkatulad ang tindi ng init, ulan at lamig na nararanasan sa iba't ibang panig ng bansa.

Aang Lungsod ng Baguio ay kilala bilang Summer Capital ng Pilipinas. Kapag panahon ng Tag-init, maraming turista ang dumarayo sa lugar na ito dahilang karaniwang temperatura nito ay nasa 15° - 26°C lamang, higit na mababa ng 10°C kumpara sa Maynila. Ang Baguio ay nasa isang talampas, na may taas na 1500 metro. Noong Enero 29, 2007, naitalaang isa sa pinakamababang temperatura ng Baguio na 7°C . Naisip mo ba kung gaano kalamig noong araw na iyon?

Ang Lungsod ng Tuguegarao sa Cagayan ay isa sa mga lugar sa Pilipinas na may mainit na klima. Ang karaniwang temperatura sa buwan ng Marso at Abril ay 38°C . Noong Abril 29, 1912, naitala sa 42.2°C ang temperatura ng Tuguegarao, pinakamataas sa buong bansa.

Habang tumataas ang lugar ay nagbabago ang temperatura o kaya ay lumalamig ang panahon. Kung mababa naman ang lugar papainit ang temperatura.

Ano ang pinatutunayan nito?






Ang taas ng lugar ay may malaking kaugnayan sa klima ng isang lugar, hindi ba?

Saan matatagpuan ang inyong tirahan? Sa mataas ba o mababang lugar? Ano ang klima rito? Ilarawan mo ang klima sa inyong pook.

Suriin ang mapa sa ibaba at ang sanggunian.




Saang bahagi ng Pilipinas may ulan? Mainit ang panahon? May mabagyang panahon?

Ano ang mapapansin sa mapa? Umuulan ba sa lahat ng panig ng bansa?



Nagpapatunay rin ito na iba-iba ang nararanasang klima sa bansa. Bukod sa temperatura, may kinalaman din ang dami ng ulang tinatanggap sa iba't ibang lugar sa kapuluan.

Narito ang mapang pangklima ng Pilipinas. Ipinakikita nito ang uri ng klima sa Pilipinas batay sa dami ng ulang tinatanggap ng mga lugar.





Ano-ano ang uri ng klima na matatagpuan sa Pilipinas?

Ano ang katangian ng bawat isa?

Basahin mo ito.

May apat na uri ng klima na nararanasan sa Pilipinas ayon sa dami ng ulan.

Ang unang uri ng klima ay dalawang magkaibang panahon. Tuyo mula Nobyembre hanggang Abril. Basa o tag-ulan naman mula Mayo hanggang Oktubre. Ang klimang ito ay nadarama sa kanlurang bahagi ng bansa.

Sa ikalawang uri ay walang panahong tuyo. Maulan sa buong taon. Ang malalakas na ulan ay nararanasan sa mga buwan ng Nobyembre hanggang Enero. Ang ganitong uri ng klima ay nararanasan sa gitnang bahagi ng bansa.

Ang ikatlong uri ng panahon ay medyo tuyo mula Nobyembre hanggang Abril at basa o tag-ulan sa ibang buwan ng taon.

Pantay ang pagkakabahagi ng ulan sa buong taon sa ikaapat na uri ng panahon. Ang klimang ito ang pinaka gusto ng mga magsasaka sapagkat ang ganitong uri ng klima ang gusto ng mga pananim.

Anong uri ng klima ang matatagpuan sa mga sumusunod na lalawigan? Hanapin mo sa mapa ang mga ito.

- a. Quezon
- b. Sorsogon
- c. South Cotabato
- d. Ilocos Sur
- e. Tawi-Tawi
- f. Batanes at marami pang iba

Ngayong alam mo na ang mga nilalaman ng modyul na ito, sagutin mo ang mga sumusunod na pagsasanay sa ibaba.





SAGUTIN MO





Sagutin mo ang mga sumusunod na gawain.

Isulat ang wastong sagot sa kuwadernong sagutan.

A. Tamo o Mali: Isulat ang T kung tama ang isinasaad ng pangungusap at kung mali iwasto ito.

- _____ 1. Nasa bansang tropiko ang Pilipinas kaya mainit ang temperatura dito.
- _____ 2. Ang temperatura ng malapit sa dagat ay malamig.
- _____ 3. Ang dami ng ulan na natatanggap ng lahat ng lugar sa Pilipinas kapag panahon ng tag-ulan ay magkakatulad.
- _____ 4. May limang uri ng klima sa Pilipinas.
- _____ 5. Nasa mataas na lugar ang Baguio kung kaya't ang klima dito ay malamig.

B. Ibigay ang kahulugan ng simbolong nakatala sa ibaba na tumutukoy sa uri ng klima.


- 1.  = _____
- 2.  = _____
- 3.  = _____
- 4.  = _____





C. Hanapin sa mapa kung anong uri ng klima mayroon ang mga sumusunod na lalawigan.

- | | |
|-----------------------------|----------------------|
| 1. Negro Occidental = _____ | 6. Leyte = _____ |
| 2. Cebu = _____ | 7. Abra = _____ |
| 3. Batangas = _____ | 8. Rizal = _____ |
| 4. Pangasinan = _____ | 9. Albay = _____ |
| 5. Catanduanes = _____ | 10. Camiguin = _____ |



- *Ang Pilipinas ay isang bansang tropikal dahil malapit ito sa tropiko ng kanser, mainit ang temperatura at may masaganang ulan sa buong taon.*
- *Temperatura, dami ng ulan, sikat ng araw at hangin ang mga dahilan sa pag-iiba-iba ng klima ng isang lugar.*
- *May apat na uri ng klima sa Pilipinas ayon dami ng ulang tinatanggap ng mga lugar.*



ISAPUSO MO

Sagutin ang mga katanungan sa ibaba nang may katapatan. Gawin ito sa kuwadernong sagutan.

A. Kung ikaw ay bibigyang pagkakataong pumili ng lugar na matitirahan, saan mo gustong tumira? Bakit? _____

B. Kailangan bang pag-aralan ang mapa ng klima ng Pilipinas? Bakit? (Gamitin ang “discussion web”).

Oo	Mahalaga bang pag-aralan ang mapa ng klima ng Pilipinas? Bakit?	Hindi
• _____		• _____
• _____		• _____
• _____		• _____
• _____		• _____
• _____		• _____
• _____		• _____



GAWIN MO

Gumawa ng isang mapang pangklima ng Pilipinas.

Mga Kagamitan:

- illustration board/karton ng sigarilyo
- lapis
- crayon/pangkulay





Pamamaraan:

1. Kumuha ng $\frac{1}{4}$ illustration board o karton.
 2. Iguhit ang mapa ng Pilipinas.
 3. Lagyan ng sagisag na ginagamit para sa uri ng klima.
 4. Kulayan ito ng kulay ayon sa inyong kagustuhan.
 5. Ipasa sa guro para malagyan ng marka.
- ❖ Ipakita sa guro ang ginawang mapa upang mabigyan ng kaukulang marka.



Ngayon naman humanda ka at sagutan ang mga pagsasanay na nakalaan para sa iyo. Isulat ang wastong sagot sa kuwadernong sagutan.

- A. Punan ang tsart ng angkop na kasagutan. Gamitin ang mapang pangklima ng Pilipinas.

LUGAR	URI NG KLIMA
1. Occidental Mindoro	
2. Zamboanga del Norte	
3. Camarines Norte	
4. Nueva Vizcaya	
5. Benguet	
6. Agusan del Norte	
7. Laguna	
8. NCR	
9. Bulacan	
10. Surigao del Sur	



B. Pag-isa-isahin. Ibigay ang tamang kasagutan na hinihingi ng bawat bilang.


1. Dahilan ng pagkakaiba ng klima.

a. _____
b. _____

c. _____
d. _____

2. Uri ng Klima sa Pilipinas ayon sa dami ng ulang tinatanggap ng mga lugar.

a. _____
b. _____
c. _____
d. _____





C. Panuto: Ang larawan ay isang mapang pangklima. Mula sa napag-aralang mga pananda ang mga sumusunod;

1. Piliin ang klima na ipinakikita ng mga pook ng EKEN, TANA, MALA at MOZA.

- a) halos walang tuyong panahon
- b) maikli lamang ang tuyong panahon
- c) pareho ang haba ng tag-ulan at tag-araw

2. Sa mga pook ng ZAMO, TIPI at silangang bahagi ng SEKI, ang klima ay _____.

- a) _____ maulan mula sa buwan ng Hunyo hanggang Nobyembre. Tuyo naman mula Disyembre hanggang Mayo.
- b) _____ pare-pareho ang pagkakabaha-bahagi ng pag-ulan
- c) maikli lamang ang tuyong panahon

3. Ipinakikita naman na sa kanlurang bahagi ng KUNWA, kanlurang bahagi ng ANSA at sa GAYO ay _____.

- a) pare-pareho ang pagkakabaha-bahagi ng pag-ulan.
- b) pareho ang haba ng tag-ulan at tag-araw.
- c) halos walang tuyong panahon sa mga lugar dito. Malakas na pag-ulan ang nadarama mula Disyembre hanggang Pebrero.

C. Sagutin ang tanong.

Sa iyong palagay aling lugar sa Pilipinas sa palagay mo ang may pinakamagandang klima? Bakit?



Binabati kita at matagumpay mong natapos ang modyul na ito! Maaari mo na ngayong simulan ang susunod na modyul.